1. Mga dayuhang nasyonal na kasalukuyang nananatili sa Japan at may status na "Temporary Visitor"

⇒ Pinapayagan ang pag-renew ng period of stay ng mga may status na “Temporary Visitor (**90 na araw**).”

2. Mga dayuhang nasyonal na kasalukuyang nananatili sa Japan at may status na “Technical Intern Training” o “Designated Activities (Foreign Construction Worker (No. 32), Foreign Shipbuilding Worker (No. 35)”

⇒ Pinapayagang baguhin ang status of residence sa “Designated Activities (**anim na buwan**, pinapayagan ang pagtatrabaho).

(Tandaan 1) Naaangkop ito sa mga dayuhang nasyonal na tulad ng dati ang trabahong gagawin.
※Kapag hindi nakakahanap ng pagtatrabahuhan na katulad ng dati, maaaring magtrabaho sa “Mga trabahong may kaugnayan sa dating trabaho (Mga trabaho (maliban sa “7. Iba pa”) sa bawat listahan ng “Uri ng trabaho na maaaring lipatan” kung saan kabilang ang trabaho na ginawa sa teknikal na pagsasanay)”.
(Tandaan 2) Pinapayagan din ang mga dayuhang nasyonal na kasalukuyang nananatili sa Japan at may status na “Designated Activities (Internship (No. 9), at Foreign Manufacturing Worker (No. 42))” at nais gawin muli ang parehong trabaho sa dating tumagap na organisasyon.
(Tandaan 3) Naaangkop rin ito sa mga dayuhang nasyonal na dating binigyan ng “Temporary Visitor” o “Designated Activities (anim na buwan, hindi pinapayagan ang pagtatrabaho).”
(Tandaan 4) Ang mga dayuhang nasyonal na kasalukuyang nananatili sa Japan at may status na "Designated Activities (Summer Job (No. 12))" at nais gawin muli ang parehong trabaho sa dating tumanggap na organisasyon ay pinapayagan baguhin ang kanilang status of residence bilang "Designated Activities (tatlong buwan/pinapayagan ang pagtatrabaho).

3. Mga dayuhang nasyonal na may status of residence na “Student” at nais magtrabaho

⇒ Pinapayagang baguhin ang kanilang status of residence sa "Designated Activities (**anim na buwan**/pinapayagan ang pagtrabaho ng part-time sa loob ng 28 na oras bawat-linggo).

(Tandaan 1) Limitado sa mga grumaduate (nakapagtapos) mula sa institusyong pang-edukasyon pagkatapos ng Enero 1, 2020.
(Tandaan 2) Naangkop rin ito sa mga dayuhang nasyonal na dating nabigyan na ng “Temporary Visitor” o “Designated Activities (anim na buwan, hindi pinapayagan ang pagtatrabaho).”

4. Mga dayuhang nasyonal na kasalukuyang nananatili sa Japan at mga ibang status of residence (kabilang ang mga nasa itaas sa bilang 2 o 3 na hindi nais magtrabaho)

⇒ Pinapayagang baguhin ang status of residence bilang “Designated Activities (**anim na buwan**/hindi pinapayagan magtrabaho).”

(Tandaan) Ang mga kabilang sa1 - 4 sa itaas ay maaring ma-renew kung magpapatuloy ang sitwasyong ang dayuhang nasyonal ay hindi makauwi sa kanyang bansa .